DENR Mimaropa Region <mimaroparegion@denr.gov.ph>

# Puerto Princesa Land Grabbing!

1 message

**Rowena Pe** <weng.mestiza@gmail.com> Mon, Jun 20, 2022 at 12:01 AM
To: "mimaroparegion@denr.gov.ph" <mimaroparegion@denr.gov.ph>

Sir/Ma'am,

Magandang araw po!

Nais po naming ipabatid sa inyong butihing tanggapan na kami po ay mga residente at may lupang sinasaka at pinagyayaman sa Bgy Buenavista, Puerto Princesa City.
Sa hindi inaasahang sitwasyon may isang grupo na halos binubuo ng mga singkwenta(50) katao na pumasok sa aming lugar noong ika 20 ng Mayo, 2022, at iyon po ay aming ikinagulat at nagdala ng matinding takot dahil naglagay na sila ng mga blueguards ng araw dn na iyon.
Inalam namin sa aming kapitan kung sino ang mga taong iyon at napag alaman namin na grupo ni Mr Edgar Luengo at Engr Marion Luengo.
Nagkaron ng biglaang pag uusap sa barangay, nagpabatid sila sa amin na kukunin na nila ang lupain na pag aari ng pamilya nila na binubuo ng limandaang(500) ektarya ayon kay Mr Edgar
at Engr Marion Luengo.
Kami po ay lubhang nabahala kaya lumapit kami sa DENR-CENRO upang hingin ang kanilang panig at ng maimbestigahan ang
claims ng mga Luengo na may cadastral survey Gss-04-000126-D, Bgy Buenavista, Puerto Princesa City.
Kami po ay nasa lugar na mula pa noong taong 2014 at binigyan na dn kami ng aming kapitan ng barangay certification na kami at actual occupant at may lupang sinasaka.
Nagsagawa ng imbestigasyon noong June 14 at tinugunan dn ang aming agarang kahilingan sa CENRO,
dahil pinasok na po ang aming bakuran ng mga blueguards, at mga kalalakihan na nkabonet noong June 8,2022, nagtayo na sila ng mga kubo sa loob ng aming bakuran wala kaming magawa dahil sa takot, at noong June 13,2022 tuluyan na nilang tinanggal lahat ng bakod nmin at kami po hnd na dn pinapapasok sa lugar maging mga opisyales ng barangay ay hnd dn pinapapasok ng mga gwardya.
Hnd nagkasundo ang Luengo group at mga residente kaya nagpataw ng "STATUS QUO ORDER" ang CENRO, ngunit kahit may order na patuloy pa dn ang pagpapagawa ng mga kubo ng grupo ni Mr Edgar Luengo at Engr Marion Luengo.

Hinihiling po namin sa inyong pamunuan ang positibong katugunan at pagsusuri tungkol sa usapin na ito.

Maraming salamat po.

Gumagalang,

Rowena Pe, et al
Residente
09167985041